
# Ang R.A. 8550
# Philippine Fisheries Code





## Ano ang R.A. 8550?

**Ang Republic Act 8550 ay tinatawag ring Philippine Fisheries Code. Ito ang batas na dapat kilalanin ng mga mangingisda, dahil ito ang batas para sa mangingisda!**

## Layunin ng Fisheries Code

- Pangangalaga, pagkalinga at sustinableng paggamit ng mga yamang pampangisdaan at pangkatubigan ng bansa.
- Pagbabawas sa kahirapan at paglalaan ng dagdag pangkabuhayan sa mga mangingisdang pangmunisipal.
- Pagpapabuti ng produksyon ng aquaculture na naaayon sa kakayanan ng kapaligiran.
- Tamang paggamit ng mga yamang laot at mga malalalim na karagatan.
- Pagpapataas ng antas ng *post-harvest technology.*





### Karapatan sa pangisdaan

**Ang Municipal Waters ng isang bayan ay ang bahagi ng dagat na napapaloob sa sukat na 15 kilometro mula sa baybayin. Ang mga municipal fishers o maliliit na mangingisda ang may unang karapatan sa mga pangisdaan sa loob ng municipal waters.**

*Bayan ko,*
*pangisdaan ko,*
*pangangalagaan ko!*

## Ano ang ipinagbabawal ng Fisheries Code?


Ang mga sumusunod na gawain ay ipinagbabawal sa ilalim ng Fisheries Code. Mahigpit na ipinapatupad ang mga ito upang maitaguyod ang pangangalaga sa mga pangisdaan, at ang kapakanan ng mga mangingisda.




☒ Pagpasok ng mga commercial fishers *(Section 86)* at paggamit ng "super light" *(Section 93)* sa loob ng Municipal Waters





☒ Pangingisda sa loob ng Marine Protected Area *(Section 96)*



☒ Pagtaglay o paggamit ng pampasabog, lasong kemikal, o kuryente sa pangingisda *(Section 88)*



☒ Paggamit ng pinong lambat sa pangingisda *(Section 89)*



☒ Pagputol ng bakawan upang gawing fish ponds at iba pang gamit *(Section 94)*

### Sino ang pwedeng kontakin?

Kung may nais ireport, maaaring tumawag o magtext sa alinman sa mga sumusunod:


| | |
|---|---|
| Police Station: | Hotline 166 |
| Mayor's Office: | (043) 575 3210 |
| Municipal Agriculture Office: | (043) 575 4173 |
| Bantay Dagat Chairman: | 0915 277 2862 |
| Bantay Dagat Patrol: | 0908 116 6586 |

## Alin ang pipiliin mo?






## Tropang Dulong Komiks







## Anong klaseng isda ba talaga ang *dulong*?

**Ang *dulong* ay kakapisa pa lamang na mga isdang nahuhuli gamit ang pinong lambat. Hindi lang ito isang klase ng isda!**

**Pinag-aralan mabuti ang mga parte ng katawan ng *dulong* upang matukoy kung anong klaseng isda ang mga ito.**





Matapos pag-aralan, nalamang **ang *dulong* ay mga batang SARDINAS at DILIS!**


CI-P/P Premne

### Sulong, mga *dulong*!

Mahalagang hindi hulihin ang *dulong* dahil hindi pa sila lumalaki at nakakapangitlog. Kapag wala nang malalaking isdang pwedeng mangitlog, kokonti na rin ang mga isda sa dagat. Lalong bababa ang huli ng mga mangingisda. **Kung maraming maliliit na isda sa karagatan, darami rin ang malalaking isdang mahuhuli!**


### Sardinas at Dilis pala!





Karamihan ng *dulong* sa San Juan, Batangas ay iba't-ibang uri ng sardinas at dilis.

Ang mga sumusunod ay ilan sa mga halimbawa ng itsura ng *dulong* kapag lumaki:

**_Dulong_ na SARDINAS pag lumaki**




**_Dulong_ na DILIS pag lumaki**




RA8550-dulong Flyer V1_April 2013

Layout & graphics by: MV Doctor